Mensahe Siyam

## Ang Templo ng Diyos na Napuspos ng Kaluwalhatian ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Exo. 24:16; 40:34-35; 1 Hari 8:10-11;
Gawa 7:2, 55; Juan 17:22; Efe. 3:21; Apoc. 5:13; 21:9-11

**I. Ang kaluwalhatian ay isang katangian ng Diyos; ang kaluwalhatian ay ang kahayagan ng Diyos, ang Diyos na nahayag sa kaningningan—Exo. 24:16; Gawa 7:55.**

**II. Pinuspos ng kaluwalhatian ng Diyos ang tabernakulo at ang templo—Exo. 40:34-35; 1 Hari 8:10-11:**

A. "Tinakpan ng ulap ang Tolda [ng Pagpupulong], at pinuno ng kaluwalhatian [ni Jehovah] ang tabernakulo"—Exo. 40:34:

1. Ang araw nang itinayo ang tabernakulo, nang bumaba ang ulap at tinakpan ito, at nang pumasok ang kaluwalhatian ng Diyos at pinuspos ito ay isang dakilang araw—bb. 2, 34-35:

a. Yaong mga pumalibot sa Tolda ng Pagpupulong ay nakita ang ulap, samantalang ang mataas na saserdote na kalaunan ay pumasok sa Kabanal-banalan sa tabernakulo ay nakita ang panloob na kaluwalhatian ng tabernakulo—Lev. 16:15; Heb. 9:7.

b. Nagpapahiwatig ito na sa ating karanasan sa buhay-ekklesia kailangan nating sumulong sa pamamagitan ng pagpasok sa tabernakulo—si Kristo bilang pagsasakatawan ng Diyos—upang matamasa ang tinapay sa hapag at mamagitan sa insensong altar upang matamasa natin ang kaluwalhatian sa pinananahanang lugar ng Diyos—Exo. 40:34-35; Juan 1:14.

2. Ang tabernakulong tinakpan ng ulap at pinuspos ng kaluwalhatian ay isang malaking pagpapala sa mga anak ni Israel, subalit ngayon ay taglay natin ang realidad ng kung ano ang mayroon lamang sila sa sagisag—14:2-3, 6, 10-11, 16-18, 20, 26; Efe. 2:18-22; 3:16-21.

B. "Napuno ng kaluwalhatian [ni Jehovah] ang bahay [ni Jehovah]"—1 Hari 8:11:

1. Ang templo, ang sama-samang kahayagan at tirahan ng Diyos sa lupa, ay napuspos ng kaluwalhatian ng Diyos—bb. 10-11.

2. Pinuspos ng kaluwalhatian ni Jehovah ang templo ni Jehovah, dinadala ang Diyos na nasa kalangitan tungo sa lupa at inihuhugpong ang lupa sa kalangitan—b. 11.

3. Sa Genesis 28 ay nanaginip si Jacob na "may isang hagdan na nakalagay sa lupa, na ang dulo ay umaabot sa langit" (b. 12), at sinabi niya na ito ay "walang iba kundi ang bahay ng Diyos, at ito ang pintuan ng langit" (b. 17):

a. Doon ay bumaba ang langit sa lupa, at ang lupa ay naihugpong sa langit sa pamamagitan ng hagdan.

b. Ang hagdang ito ay isang sagisag ni Kristo na, bilang Anak ng Tao, kalakip ang Kanyang pagkatao, ay ang hagdang nailagay sa lupa at humahantong sa langit, pinananatiling bukas ang langit sa lupa at inihuhugpong ang lupa sa langit para sa bahay ng Diyos, ang Bethel—Juan 1:51; Gen. 28:19.

c. Ngayon ang makalangit na Diyos ay bumababa sa lupa, at ang lupa ay inihuhugpong sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo na nananahan sa atin—Col. 1:27.

d. Ang Diyos ay hindi lamang bumaba mula sa langit, bagkus ang Kanyang shekinang kaluwalhatian ang pumuspos sa templo—1 Hari 8:10-11.

**III. Ang Tres-unong Diyos ay Diyos ng kaluwalhatian—Gawa 7:2, 55:**

A. Ang Diyos ay ang Diyos ng kaluwalhatian—bb. 2, 55:

1. Sa tuwing ang Diyos ay nahahayag, iyon ay kaluwalhatian; ang di-nakikitang Diyos ay Diyos, at ang nakikitang Diyos ay kaluwalhatian—Exo. 13:21.
2. Ang Diyos ng kaluwalhatian ay nagpakita kay Abraham, tinawag siya, at inihiwalay siya mula sa sanlibutan tungo sa Diyos; naakit at nabihag siya ng kaluwalhatiang iyon—Gawa 7:2.

B. Sa Efeso 1:17 ay ginagamit ni Pablo ang katawagang *ang Ama ng kaluwalhatian:*

1. Ang Ama ng kaluwalhatian ay ang Diyos na nahayag sa pamamagitan ng Kanyang maraming anak—Heb. 2:10.
2. Ang titulong *Ama* ay nagpapahiwatig ng pagkasilang na muli, at ang salitang *kaluwalhatian* ay nagpapahiwatig ng kahayagan; samakatwid, ang titulong *Ama ng kaluwalhatian* ay nagpapahiwatig ng pagkasilang na muli at kahayagan.

C. Si Kristong Anak at ang Diyos Ama ay magkatulad sa kaluwalhatian—Juan 17:5:

1. Si Kristong Anak ay ang ningning ng kaluwalhatian ng Diyos; ang Anak ay ang pagsinag, ang pagliliwanag, ng kaluwalhatian ng Ama—Heb. 1:3a.
2. Si Kristo ay ang Hari ng kaluwalhatian, si Jehovah ng mga hukbo (yaon ay, ng mga hukbo), ang napasukdol na Tres-unong Diyos na naisakatawan sa matagumpay at darating na Kristo—Awit 24:7-10; Luc. 21:27; Mat. 25:31.
3. Si Kristo ang Panginoon ng kaluwalhatian—1 Cor. 2:7-8:
   a. Si Kristo ang ating buhay ngayon at ang ating kaluwalhatian sa hinaharap—Col. 3:4; 1:27.
   b. Sa kaluwalhatiang ito ay tinawag tayo ng Diyos, at tungo rito ay dadalhin Niya tayo—1 Ped. 5:10; Heb. 2:10.

D. Binabanggit sa 1 Pedro 4:14 "ang Espiritu ng kaluwalhatian ng Diyos":

1. Ang Espiritu ng kaluwalhatian ay ang Espiritu ng Diyos.
2. Ang Espiritu ng kaluwalhatian ay ang Isa kung kanino naluwalhati si Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli—Roma 1:4.
3. Itong mismong Espiritu ng kaluwalhatian ay namamalagi sa mga nagdurusang mananampalataya sa pag-uusig sa kanila, para sa pagluluwalhati sa nabuhay na muli at naitaas na Kristo, na nasa kaluwalhatian ngayon—1 Ped. 4:13-14.

**IV. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay intrinsikong may kaugnayan sa ekonomiya ng Diyos—1 Tim. 1:4; Efe. 1:10:**

A. Ang walang hanggang gol ng Diyos ay ang dalhin ang Kanyang maraming anak tungo sa kaluwalhatian para sa walang hanggang sama-samang kahayagan—ang Bagong Herusalem—Heb. 2:10; 1 Cor. 2:7; Efe. 1:5-6, 12, 14; Apoc. 21:7, 9-11.

B. Itinalaga tayo ng Diyos noong una pa upang makamit ang Kanyang kaluwalhatian upang maihayag natin Siya; kaya, ang gol ng pagtatalaga noong una pa ng Diyos ay ang ating pagkaluwalhati—1 Cor. 2:7.

C. Nilikha tayo ng Diyos sa Kanyang larawan bilang mga sisidlan sa ikararangal, inihanda tungo sa kaluwalhatian; itinalaga tayo noong una pa sa Kanyang pagkasoberano upang maging mga sisidlan ng karangalan upang ihayag kung ano Siya sa kaluwalhatian—Gen. 1:26; Roma 9:21, 23.

D. Ang pagtutubos ni Kristo ang tumupad sa kahilingan ng kaluwalhatian ng Diyos—3:23-25; Heb. 9:5; cf. Gen. 3:24.
E. Sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ng Diyos, tinawag tayo ng Diyos sa pamamagitan ng at tungo sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian—2 Cor. 4:4; 1 Tim. 1:11; 1 Tes. 2:12; 1 Ped. 5:10; 2 Ped. 1:3.
F. Ang nagpapaloob ng lahat na Kristo ay nananahan sa atin bilang pag-asa ng kaluwalhatian—Col. 1:27; 3:4, 11.
G. Habang tinitingnan at inaaninag natin ang kaluwalhatian ng Panginoon, tinatransporma tayo tungo sa larawan ng Panginoon mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian—2 Cor. 3:18.
H. Kumikilos ang Diyos Ama sa loob natin bilang Diyos ng buong biyaya upang makabahagi tayo sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian at maging kaluwalhatian pa nga ng Diyos—1 Ped. 5:10.
I. Ang kaluwalhatian ng Diyos sa ekonomiya ng Diyos ay kinapapalooban ng mataas na rurok ng dibinong pahayag—ang Diyos ay naging tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay, kalikasan, at pangsyon ngunit hindi sa pagka-Diyos—Juan 1:14; Roma 8:3; 1:3-4; Col. 3:4; Heb. 2:10; Apoc. 21:10-11.

**V. Nanalangin ang Panginoong Hesus sa Juan 17:22, "Ang kaluwalhatiang ibinigay Mo sa Akin ay ibinigay Ko sa kanila, upang sila ay maging isa, na gaya naman Natin na iisa":**

A. Pagkatapos manalangin para sa mga yugto ng kaisahan sa pangalan ng Ama sa pamamagitan ng buhay na walang hanggan (bb. 6-13) at ng kaisahan sa pamamagitan ng pagpapabanal sa pamamagitan ng banal na salita (bb. 14-21), nanalangin ang Panginoon para sa ikatlong yugto hinggil sa kaisahan ng mga mananampalataya sa dibinong kaluwalhatian para sa sama-samang kahayagan ng Tres-unong Diyos (bb. 22-24).
B. Yamang ang kaluwalhatian na ibinigay ng Ama sa Anak ay ibinigay sa atin ng Anak, ang tunay na kaisahan ay nasa dibinong kaluwalhatian—b. 22:
   1. Ang kaluwalhatian ay ang pagkaanak na ibinigay ng Ama sa Anak kalakip ang dibinong buhay at kalikasan ng Ama upang ihayag ang Ama sa Kanyang kapuspusan—bb. 1, 5, 22.
   2. May apat na aspekto ng kaluwalhatian: pagkaanak, ang buhay ng Ama, ang dibinong kalikasan ng Ama, at ang kahayagan ng Ama sa Kanyang kapuspusan; ang apat na bagay na ito ay katumbas ng kaluwalhatian na taglay natin sa Anak at ibinigay sa atin ng Anak—Efe. 1:5; 4:18; 1 Juan 5:12; 2 Ped. 1:4; Apoc. 21:9-11.
C. Sa ikatlong yugto ng kaisahan, ang mga mananampalataya, na lubusang itinatwa ang kanilang sarili, ay nagtatamasa sa kaluwalhatian ng Ama bilang salik ng kanilang napasakdal na kaisahan at sa gayon ay inihahayag ang Diyos sa isang sama-sama, naitayong paraan—Juan 17:22:
   1. Tanging sa ikatlong yugto ng kaisahan na tayo ay lubusang mapasasakdal tungo sa kaisahan upang maihayag at maluwalhati ang Panginoon.
   2. Matataglay natin ang buhay ng Diyos, ang kalikasan ng Diyos, at ang Diyos Mismo pa nga para sa layunin ng pagiging pagpapakita at kahayagan ng Diyos—b. 22.

**VI. Idinedeklara ni Pablo sa Efeso 3:21, "Suma-Kanya nawa ang kaluwalhatian sa loob ng ekklesia at sa loob ni Kristo Hesus sa lahat ng henerasyon magpakailanman. Amen":**

A. Tayo ay napalalakas tungo sa ating panloob na tao ayon sa kayamanan ng kaluwalhatian ng Diyos; ipinahihiwatig nito na ang kaluwalhatian ng Diyos ay maisasagawa tungo sa mga banal—b. 16; 2 Cor. 3:18.

B. Sa Efeso 3:21 ang *suma-Kanya nawa ang kaluwalhatian* ay nagpapahiwatig na ang kaluwalhatian ng Diyos, na naisagawa tungo sa mga banal, ay bumabalik sa Diyos.

C. Ang kaluwalhatiang ito ay dumarating sa atin na kasama ang Diyos at, pagkatapos maisagawa tungo sa atin, ay babalik sa Diyos na kasama tayo; ito ang paraan kung saan naluluwalhati ang Diyos sa ekklesia—bb. 16-21.

D. Sa pamamagitan nitong may dalawang daan na trapiko ang ekklesia, bilang mga unang bunga sa sansinukob (Sant. 1:18), ay nangungunang magbigay ng kaluwalhatian sa Diyos:

   1. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay naisasagawa tungo sa ekklesia, at Siya ay naihahayag sa ekklesia—Efe. 1:22-23; 2:21-22; 3:16-17, 19b.
   2. Sa Diyos ang kaluwalhatian sa ekklesia; yaon ay, ang Diyos ay naluluwalhati sa ekklesia—b. 21.
   3. Maluluwalhati ang Diyos hindi lamang sa kapanahunang ito, ang kapanahunan ng ekklesia, bagkus gayundin sa darating na kapanahunan, ang kapanahunan ng kaharian, at sa kapanahunan ng mga kapanahunan, na siyang kawalang-hanggan—Mat. 6:13, 29; Roma 16:27; Apoc. 5:13; 21:10-11.
   4. Upang maluwalhati ang Diyos sa lahat ng kapanahunan, mula sa kasalukuyang kapanahunan hanggang sa kawalang-hanggan, dapat Siyang maluwalhati sa ekklesia at kay Kristo—Efe. 3:21.

**VII. Isang natatanging katangian ng Bagong Herusalem ay yaong nagtataglay ito ng kaluwalhatian ng Diyos, ang Kanyang kahayagan—Apoc. 21:11, 23:**

A. Ang Bagong Herusalem, bilang sama-samang kahayagan ng Diyos sa kawalang-hanggan, ay nagtataglay ng anyo ng Diyos, inihahayag ang larawan ng Diyos sa Kanyang kaluwalhatian—bb. 10-11; 4:3.

B. Ang buong lunsod ng Bagong Herusalem ay nagtataglay ng kaluwalhatian ng Diyos, na siyang Diyos Mismo na nagniningning sa buong lunsod—21:11a:

   1. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay ang nilalaman ng Bagong Herusalem, sapagkat ang lunsod ay ganap na napuspos ng Kanyang kaluwalhatian; nagpapahiwatig ito na ang Bagong Herusalem ay isang sisidlan upang isilid ang Diyos at ihayag Siya.
   2. Ang kaluwalhatian ng Diyos sa katunayan ay ang Diyos Mismo na nahayag; kaya, ang mapuno ang banal na lunsod ng kaluwalhatian ng Diyos ay nangangahulugang naihahayag ang Diyos sa lunsod na ito.

C. Ang kaluwalhatian ng Diyos, ang Diyos na nahayag, ay nililiwanagan ang Bagong Herusalem, nagniningning sa pader na jaspe—b. 23, 18a:

   1. Ang liwanag ng Bagong Herusalem ay tulad ng isang batong jaspe, kasinlinaw ng kristal—b. 11b.
   2. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay sumisinag kay Kristong Kordero bilang ilawan sa pamamagitan ng pader ng banal na lunsod—bb. 23, 18a.

D. Ang Diyos ay ang Bagong Herusalem, at ang luwalhatiin ang Diyos ay ang kunin Siya bilang Bagong Herusalem at ibigay ang lahat ng kaluwalhatian sa Kanya—b. 22; Roma 15:5-7:

   1. Ang luwalhatiin ang Diyos ay ang makibahagi sa Bagong Herusalem—Apoc. 3:12; 21:11.

   2. Tanging kapag naihahayag natin ang Diyos sa Bagong Herusalem na Siya ay tunay na naluluwalhati sa sansinukob—Roma 16:27; 1 Cor. 10:31.

E. Bilang Bagong Herusalem, tayo ay magiging sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng Diyos—Efe. 1:12:

   1. Sa kawalang-hanggan ang lahat ng anak ng Diyos ay lubusang matitigmakan ng Diyos at maghahayag sa Diyos—Heb. 2:10.
   2. Maihahayag ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga naluwalhating anak, at ang naihayag na Diyos na ito ay kaluwalhatian—Apoc. 21:7.
   3. Lahat ng anghel at positibong bagay sa sansinukob ay magpupuri sa nahayag na Diyos; kaya, tayo, ang mga naluwalhating anak ng Diyos, ay magiging sa ikapupuri ng Kanyang kaluwalhatian—Efe. 1:12.

*© 2022 Living Stream Ministry*